ARALING PANLIPUNAN

BAITANG 9, YUNIT 10

# Ang Pamilihan

TALAAN NG NILALAMAN

*Introduksyon* 3
**Aralin 1: Kahulugan ng Pamilihan** 4
Layunin Natin 4
Subukan Natin 5
Alamin Natin 6
Pag-aralan Natin 6
Suriin Natin 10
Sagutin Natin 11
Pag-isipan Natin 11
Gawin Natin 11
**Aralin 2: Iba't Ibang Estruktura ng Pamilihan 13**
Layunin Natin 13
Subukan Natin 14
Alamin Natin 15
Pag-aralan Natin 15
Suriin Natin 19
Sagutin Natin 20
Pag-isipan Natin 20
Gawin Natin 20
**Aralin 3: Regulasyon ng Pamahalaan sa Pagtugon sa mga Pangangailangan 22**
Layunin Natin 22
Subukan Natin 23
Alamin Natin 24
Pag-aralan Natin 24



Copyright © 2018 Quipper Limited

Suriin Natin 27
Sagutin Natin 28
Pag-isipan Natin 28
Gawin Natin 29
*Karagdagang Kaalaman* 30
*Pagyamanin Natin* 31
*Paglalagom* 33
*Dapat Tandaan* 34
*Dagdag Sanggunian* 34
*Gabay sa Pagwawasto* 35
*Sanggunian* 36


Copyright © 2018 Quipper Limited

BAITANG 9 | ARALING PANLIPUNAN

Pindutin ang Home button para bumalik sa Talaan ng Nilalaman

YUNIT 10

# Ang Pamilihan




***May kahalagahang pang-ekonomiya ang pamilihan.***

Sa madaling pag-iisip, ang pamilihan ay isang lugar na ginagalawan natin sa araw-araw. Ang bawat bagay na mayroon tayo ay nagmula sa pamilihan. Mula pagkabata hanggang sa ating pagtanda hindi maiiwasan na tayo ay bumili ng mga produkto at serbisyo. Gayunpaman, sa usapin ng ekonomiya, may mas malalim na kahulugan pa ang pamilihan.

Ano ang pamilihan?
Ano-ano ang klasipikasyon at estruktura nito?
Bakit mahalagang makialam ang pamahalaan sa galaw ng pamilihan?

Mahalagang mabatid natin kung ano ang balangkas ng isang pamilihan upang mas maging mapanuri tayo sa mga kaganapan dito. Sa yunit na ito, aalamin natin ang kahalagahan ng tungkulin ng pamilihan.



Copyright © 2018 Quipper Limited

Aralin 1

# Kahulugan ng Pamilihan

## Layunin Natin

Pagkatapos ng araling ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang naipapaliwanag ang kahulugan ng pamilihan.



***Ang labor force o lakas paggawa ay bahagi ng pamilihan.***

Ang pamilihan ay isang mahalagang bahagi ng ekonomiya sapagkat dito nagaganap ang pagpapalitan sa pagitan ng mangangalakal at konsumer. Gayunpaman, ang pamilihan ay isang komplikadong makroekonomiyang konsepto na may iba't ibang uri ngunit may iisang katangian.

Ano nga ba ang pamilihan? Ano-ano ang katangian nito? Ang mga tanong na iyan ay sasagutin natin sa araling ito.


Copyright © 2018 Quipper Limited

## Subukan Natin

**Batay sa iyong kaalaman tungkol sa ekonomiks, gumawa ng isang simpleng *concept map* na nagpapakita ng kahulugan, gamit, at katangian ng isang pamilihan. Pagkatapos ay ipaliwanag ang iyong gawa.**



Copyright © 2018 Quipper Limited

## Pag-aralan Natin

Ang salitang "**pamilihan**" ay hango sa salitang Latin na *mercatus* (na kinuha sa mga salitang *mercari*) na nangangahulugang kalakalan at *merx* na ang ibig sabihin ay kalakal o produkto.


Ang **pamilihan** ay naglalarawan sa isang lugar kung saan nagkakaroon ng pagpapalitan ng mga produkto o kalakal sa pagitan ng mga mamimili at bahay-kalakal. Ito ay sa pamamagitan ng kasunduan na bawat produkto o serbisyo ay may **karampatang** presyo sa loob ng isang itinakdang panahon. Sa pananaw ng mga ekonomista, ang pamilihan ay kinakailangang may nakatayong establisimyento kung saan nagpupunta ang mga mamimili at prodyuser. Ito ay tinatawag na ***fixed place***.

Sa pananaw ng ibang akademiko, hangga't kumpleto ang elemento ng pamilihan ay hindi kinakailangan ng *fixed place* upang magkaroon ng interaksiyon ang mamimili at prodyuser. Halimbawa nito ay kapag bumili ka ng papel mula sa isang aklatan. Pagdating mo sa paaralan ay ipinagbili mo sa iyong mga kamag-aral ang nasabing papel. Ang silid-aralan ay naging lugar ng pagpapalitan dahil ikaw ang nagtitinda at ang iyong mga kamag-aral ang mamimili. Makikita na ang halimbawang ito ay paglalarawan ng isang pamilihan na may kumpletong elemento.

## Alamin Natin

Tandaan at gawing gabay ang kahulugan ng sumusunod na salita:

- karampatan – sapat
- *manual* – uri ng trabaho na ginagamitan ng pisikal na lakas
- imbak – inipon; itinabi
- itinatakda – binibigyan ng pinal na desisyon



***Ang supermarket ay isang fixed place.***



Copyright © 2018 Quipper Limited

## Mga Klasipikasyon at Uri ng Pamilihan

Palagi tayong isinasama ng ating mga magulang sa pamilihan. Maaaring ito ay isang maputik at masikip na palengke o sa malamig at malinis na *supermarket*. Madaling ilarawan ang mga uri ng pamilihan, subalit mayroon pa itong mas tiyak na klasipikasyon.

| Batayan | Uri | Kahulugan |
|---|---|---|
| Lugar | Lokal | • Ang lokal na pamilihan ay matatagpuan sa loob ng ating bansa. Dahil ito ay nasa loob ng bansa, kumikita ito ng salaping piso.<br>• Halimbawa nito ang mga *sari-sari store*, *mall*, at pamilihang bayan. Tinatawag din itong ***domestic market***. |
| Lugar | Labas ng bansa o *foreign* | • Ito ang kasalungat ng lokal na pamilihan kung saan ang pamilihan ay wala sa territoryo ng bansa kung kaya't nasa ibang bansa ang hurisdiksyon nito. Ito ay kumukita ng salaping dolyar o *US dollar* dahil ito ang *currency* na kinikilala sa buong mundo.<br>• Halimbawa nito ang mga pamilihan sa Hong Kong, Estados Unidos, at Hapon.<br>• Tinatawag rin itong ***foreign market***, ***world market***, o ***international market***. |
| Transaksiyon o Kasunduan | Tingi o *Retail* | • Ito ang tindahan na nagbebenta ng mga produkto nang paisa-isa o pira-piraso.<br>• Pinakamagandang halimbawa nito ay ang mga *sari-sari store* sa ating mga barangay kung saan tayo ay nakakabili ng paisa-isang kendi, *shampoo*, *toothpaste*, at iba pang produkto. |


Copyright © 2018 Quipper Limited

| | | |
|---|---|---|
| Transaksiyon o Kasunduan | Bulto, Pakyaw, o *Wholesale* | • Ito ang pamilihan na nagbebenta ng kalakal nang maramihan. Hindi maaaring makabili ng paisa-isa, bagkus pakyaw o bulto ang bawat transaksiyon. Ang malakihang pagbili ay nakapagbibigay sa mamimili ng diskwento o tawad sa presyo ng produktong bibilhin. Karaniwang bumibili rito ay ang mga negosyante rin.<br>• Halimbawa nito ang ilang tindahan sa Divisoria kung saan ang mga paninda ay tumutugon sa pangangailangan ng mga mangangalakal. |
| Uri ng Produkto o Kalakal | Pangkaraniwang produkto o *commodity* | • Ito ay mga produktong kailangan sa pang-araw-araw na pagkonsumo ng mga tao.<br>• Halimbawa nito ay ang mga pamilihang bayan kung saan makakabili ng gulay, isda, bigas, o prutas. |
| Uri ng Produkto o Kalakal | Paggawa o *Labor* | • Ang lakas-paggawa ng tao ang pangunahing bilihin sa ganitong uri ng pamilihan. Ito ay maaaring ***white collar job*** kung saan ang manggagawa ay *professional* at *non-**manual*** ,at ang ***blue collar job*** kung saan ang pisikal na lakas o *manual labor* ang gamit ng manggagawa upang kumita. Ito ay tinatawag ring ***labor market***.<br>• Halimbawa nito ang mga manggagawa sa konstruksiyon (*blue collar*) at guro (*white collar*). |


Copyright © 2018 Quipper Limited

| | | |
|---|---|---|
| Uri ng Produkto o Kalakal | Imbak o *stock* | • Nakapaloob sa palitan ng mga pagmamay-ari ng *shares of stocks* ng mga kompanya ang ganitong uri ng pamilihan.<br>• Ang palitan ng salapi ng iba't ibang bansa ay kabilang rito at tinatawag na ***foreign exchange***.<br>• Ang kita sa ganitong uri ng pamilihan ay makikita sa dibidendo ng **imbak** o *stocks* ng mga kompanya. |
| Uri ng Produkto o Kalakal | Lupa o *Real Estate* | • Ito ay ang pamilihan kung saan ang mga kasunduan ay ukol sa paglilipat ng pagmamay-ari ng mga lupa at iba pang *real properties* gaya ng bahay at *condominium*. |

## Mga Katangian ng Pamilihan

Ang pamilihan ay isang mahalagang salik sa pagpapatakbo ng ekonomiya. Dahil dito nagaganap ang palitan ng mga kalakal at serbisyo, dapat tandaan na mayroon itong mga katangian.

- Ang pamilihan ang nagdidikta kung anong produkto o serbisyo ang dapat gawin, kung paano ito gagawin, at kung gaano karami ang gagawin.
- Dapat tandaan na ang pamilihan at palengke ay magkaiba. Ang palengke ay bahagi lamang ng pamilihan. Dito nagaganap ang direktang ugnayan o harapang transaksiyon ng mga mamimili at nagtitinda.
- Mas malawak ang pamilihan kaysa palengke dahil hindi kailangan na magkaroon ng pisikal na transaksiyon sa pagitan ng mamimili at nagtitinda. Maaari itong gawin sa pamamagitan ng telepono, sulat, o *Internet*.
- Ang bawat produkto at serbisyo sa pamilihan ay may itinakdang presyo. Ang **presyo** ay halaga na babayaran ng mamimili kapalit ng produkto o serbisyo na kaniyang kinuha. **Itinatakda** ang presyo ng produkto o serbisyo sa pamilihan batay sa pangangailangan o kagustuhan ng tao.


Copyright © 2018 Quipper Limited

## Suriin Natin

**Batay sa iyong natutuhan mula sa araling ito, bigyang-kahulugan ang sumusunod na salita. Limitahan lamang sa isang pangungusap ang pagpapakahulugan sa bawat salita.**

1. Pamilihan : ______________________
2. *Domestic Market* : ______________________
3. Presyo : ______________________
4. *Labor Market* : ______________________
5. *Blue Collar Job* : ______________________
6. *Foreign Exchange* : ______________________
7. *White Collar Job* : ______________________
8. *World Market* : ______________________
9. *Fixed Place* : ______________________
10. *Commodity* : ______________________



Copyright © 2018 Quipper Limited

## Sagutin Natin

**Sagutin ang sumusunod na tanong:**

1. Ano ang pamilihan?
2. Ano-ano ang elemento na bumubuo sa isang pamilihan?
3. Ano-ano ang klasipikasyon at uri ng pamilihan?

## Pag-isipan Natin

Sa iyong pananaw, bakit mahalaga ang pamilihan sa daloy ng ekonomiya ng isang estado?

## Gawin Natin

Maghanap ng tatlong pamilihang malapit sa inyong lugar. Bigyang-pansin ang mga problemang kinahaharap ng mga pamilihang ito. Maaari kang gumamit ng mga artikulo ng balita upang bigyang diin ang iyong naobserbahan. Sa pamamagitan ng isang sanaysay, paghambingin ang tatlong uri ng pamilihan.

Gamitin ang sumusunod na rubrik bilang gabay:

| Pamantayan | [25%] Mas Mababa kaysa Inaasahan | [50%] Kailangan pa ng Pagsasanay | [75%] Magaling | [100%] Napakahusay | Marka |
|---|---|---|---|---|---|
| **Kalidad ng Nilalaman** | Kulang-kulang at walang detalyeng isinulat sa sanaysay. | May iilang detalye lamang ang sanaysay; karamihan sa mga puntong isinaad ay hindi naipaliwanag | Maraming detalye ang sanaysay; may isa o dalawang detalye na hindi lubusang naipaliwanag | Puno ng tamang detalye at maayos na ipinahayag, inilarawan, at ipinaliwanag ang nilalaman ng sanaysay | |



Copyright © 2018 Quipper Limited

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Tiyaga/ Pagsisikap** | Tinapos ang sanaysay para lamang may maipasa sa guro | Tinapos ang sanaysay ngunit hindi sinikap na mapaganda pa itong lalo | Tinapos ang sanaysay na may kasiyasiyang resulta, may pagsisikap na pagandahin pang lalo | Tinapos ang isang napakagandang sanaysay na may masidhing pagsisikap na maging natatangi ito | |
| **Kasanayan/ Husay** | Hindi naipapakita ang pagnanais na mapaghusay ang pagsulat ng sanaysay | Nagpapakita ng pagnanais na mapaghusay ang kaniyang paggawa ng sanaysay | May angking husay sa paggawa; kailangan pa ng kaunting pagsasanay | Nagpapakita ng husay at galing sa paggawa; may sapat na kaalaman o pagsasanay | |
| **Panahon ng Paggawa** | Nakapagpasa ng sanaysay sa loob ng dalawang linggo matapos ang itinakdang petsa ng pagpapasa | Nakapagpasa ng sanaysay sa loob ng isang linggo matapos ang itinakdang petsa ng pagpapasa | Nakapagpasa ng sanaysay sa itinakdang petsa ng pagpapasa | Nakapagpasa ng sanaysay bago pa ang itinakdang petsa ng pagpapasa | |
| | | | | **KABUUAN** | |



Copyright © 2018 Quipper Limited

## Aralin 2

# Iba't Ibang Estruktura ng Pamilihan

## Layunin Natin

Pagkatapos ng araling ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang nasusuri ang iba't ibang estruktura ng pamilihan.



***Bahagi ng pamilihan ang kompetisyon sa pagitan ng mga mangangalakal at konsumer.***

Natutuhan natin mula sa nakaraang aralin na ang pamilihan ay may iba't ibang uri ngunit iisang katangian. Naibahagi rin sa nakaraang aralin ang kahalagahan ng pamilihan sa pagpapanatili ng maayos na daloy o takbo ng ekonomiya.

Sa araling ito, lalo pa nating kikilatisin ang paggalaw ng pamilihan sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga estrukturang nakapaloob dito.



Copyright © 2018 Quipper Limited

## Subukan Natin

**Makikita sa kahon ang iba't ibang uri ng hindi perpektong pamilihan. Pumili ng tatlong estruktura at punan ang hinihingi sa tsart batay sa iyong mga napili.**

Kompetisyon

Monopolyo

Monosopyo

Oligopolyo

Monopolistikong Kompetisyon

| Estruktura | Katangian | Halimbawa |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |



Copyright © 2018 Quipper Limited

# Pag-aralan Natin

Ang estruktura ng pamilihan batay sa ekonomiks ay nahahati sa dalawang uri—**perpekto** o purong pamilihan at **di-perpekto** o di-purong pamilihan. Ang **pag-uuri** sa pamilihan ay batay sa kompetisyon at pagkontrol sa presyo sa pagitan ng mga nagtitinda at mamimili ng mga produkto at serbisyo.

## Alamin Natin

Tandaan at gawing gabay ang kahulugan ng sumusunod na salita:

- pag-uuri – paraan upang maigrupo ang mga salik o bahagi
- umiiral – umuusbong
- makamit – makuha o mapasa-kamay
- paligsahan – kompetisyon
- ihalili – ipalit
- nagsasanib – nagsasama
- *branding* – paraan kung paano ipinakikilala o ibinibenta sa mamimili ang isang produkto
- kalakal – produktong ipinagbibili sa pamilihan

## Perpekto o Purong Pamilihan (*Perfect or Pure Markets*)

Upang magkaroon ng perpekto o purong pamilihan, dapat na **umiiral** ang sumusunod na kondisyon:

1. mayroong malaking bilang ng nagtitinda at mamimili;
2. alam ng mga mamimili ang presyong itinakda ng mga nagtitinda ng produkto at serbisyo; at
3. isang presyo lamang ang umiiral sa pamilihan dahil sa kompetisyon sa pagitan ng mga nagtitinda at mamimili.

Ang perpektong pamilihan ay direktang kabaligtaran ng monopolyo kung saan iisa lamang ang mangangalakal na kumokontrol sa takbo ng pamilihan. Ang perpektong pamilihan ay mayroong balanseng dami ng mamimili at mangangalakal na siyang nagpapakita ng balanseng *supply* at *demand*.




***Ang perpektong pamilihan ay may balanseng supply at demand.***



Copyright © 2018 Quipper Limited

Napakahirap **makamit** ang isang perpektong pamilihan sapagkat may iba't ibang estratehiya ang mga mangangalakal sa produksiyon at pagbebenta ng kanilang mga produkto. Bukod pa rito, kadalasang ang mga kompanya ay naglalayon na mapalaki nang lubos ang kani-kanilang kita, isang pananaw na hindi magagawa sa isang perpektong pamilihan.

## Di-Perpekto o Di-Purong Pamilihan (*Imperfect or Impure Markets*)

Napakadalang ng pagkakataon na ang mga kondisyon para sa perpektong pamilihan ay umiiral sa tunay na buhay. Kung isa sa mga kondisyong isinaad sa itaas ay wala, ang sistema ng pamilihang umiiral ay tatawagin nang **di-perpekto** o **di-purong pamilihan**. Narito ang iba't ibang uri ng di-perpektong pamilihan.

### Kompetisyon

Sa kompetisyon, may **paligsahan** sa pagitan ng mga nagtitinda ng produkto at serbisyo. Ang paligsahan ay maaaring daanin sa presyo, kalidad, o ganda ng patalastas. Nakabubuti ito sa mga mamimili dahil marami silang mapagpipiliang produkto o serbisyo.

Mayroong dalawang uri ng kompetisyon:

1. **Ganap na kompetisyon** – Marami ang nagtitinda at marami ang namimili, maraming magkakaparehong produkto ang ipinagbibili sa pamilihan, at walang limitasyon ang paligsahan ng mga nagtitinda ng produkto at serbisyo.

2. **Di-ganap na kompetisyon** – Marami ang nagtitinda at marami ang namimili, maraming magkakaparehong produkto ang ipinagbibili sa pamilihan, at may limitasyon ang paligsahan ng mga nagtitinda ng produkto at serbisyo.

### Monopolyo

Sa pamilihang may sistemang monopolyo, iisa ang nagtitinda ngunit marami ang bumibili. Iisang tao o iisang kompanya lamang ang pinagkukunan ng isang produkto kaya nakokontrol nito ang presyo at dami ng *supply* ng produkto o serbisyo sa pamilihan. Nangyayari ito dahil walang anumang produkto ang maaaring **ihalili** sa nasabing produkto o kaya naman ay natatangi o espesyal ito.


Copyright © 2018 Quipper Limited

Isang natatanging halimbawa ng monopolyo ang mga pang-ekonomiyang estratehiya ng Espanya nang sakupin nito ang ating bansa. Nagkaroon ng malawak na monopolyo ng tabako noong 1782 sa mga lalawigan ng Cagayan, Mindoro, at Pangasinan. Sakop ng sistemang monopolyo ang pagtatanim, pag-aani, at pangangalakal ng tabako nang walang kakumpetensiya. Nagbunga ang monopolyong ito ng napakalaking kita para sa mga Espanyol.

**Monosopyo**

Ang monosopyo ay kabaligtaran ng monopolyo. Sa sistemang ito, marami ang nagtitinda ngunit kakaunti o halos iisa lamang ang bumibili. Kung gayon, nakokontrol ng mamimili ang presyo ng produkto o serbisyo. Isang halimbawa nito ang mga propesyon kung saan pamahalaan lamang ang tanging mamimili sa serbisyong maibibigay ng mga guro, pulis, at sundalo.

Tandaan na ang monosopyo ay hindi maihahalintulad sa isang perpektong pamilihan sapagkat mayroon pa ring kawalang-balanse sa *supply* at *demand* na nagaganap sa loob ng sistemang ito.




***May kani-kaniyang estratehiya ang mga mangangalakal upang maipagbili ang kanilang mga produkto.***


Copyright © 2018 Quipper Limited

**Monopolistikong Kompetisyon**
Sa monopolistikong kompetisyon, **nagsasanib** ang monopolyo at ganap na kompetisyon. Sa sistemang ito, marami ang nagtitinda at bumibili ng produkto o serbisyo ngunit iisa lamang ang tunay na may-ari o pinagkukuhanan ng mga produkto o serbisyo.

Ibig sabihin, mayroong ***product differentiation*** kung saan ang uri ng produktong ipinagbibili sa pamilihan ay magkakapareho ng pangunahing hilaw na materyales at nagmumula sa iisang kompanya ngunit may pagkakaiba sa pinal na produkto. Magandang halimbawa nito ang *shampoo* na may iba't ibang sangkap, kulay, bango, at ***branding*** ngunit sa iisang kompanya lamang nagmumula.

**Oligopolyo**
Ang **oligopolyo** ay sistema o estruktura ng pamilihan kung saan limitado ang kompetisyon dahil kakaunti lamang ang gumagawa ng produkto o serbisyo. Gayundin, ang mga prodyuser ng **kalakal** ay mayroon nang kasunduan sa pagtatakda ng presyo na naaayon sa samahang tinatawag na kartel.

Ang **kartel** ay isang samahan ng malalayang bahay-kalakal o prodyuser na gumagawa ng magkakatulad na produkto, sama-samang kumikilos upang itaas ang presyo, at takdaan ang dami ng gagawaing produkto. Sa ganitong samahan ay ipinagbabawal ang *chiseling* o pagkakaroon ng sariling interes at hindi pagsunod sa kasunduan ng kartel.

Halimbawa nito ang mga kompanya ng langis na siyang kumokontrol sa presyo ng mga produktong langis. Sa kabila nito, mahigpit na ipinagbabawal ng pamahalaan ng Pilipinas ang pagkakaroon ng kartel.



Copyright © 2018 Quipper Limited

## Suriin Natin

**Ibigay ang mga hinihingi.**

A. Magbigay ng tatlong katangian ng perpektong pamilihan.

1. ____________________
2. ____________________
3. ____________________

B. Magbigay ng limang uri ng di-perpektong pamilihan.

1. ____________________
2. ____________________
3. ____________________
4. ____________________
5. ____________________

C. Magbigay ng dalawang halimbawa ng kompetisyon.

1. ____________________
2. ____________________



Copyright © 2018 Quipper Limited

## Sagutin Natin

**Sagutin ang sumusunod na tanong:**

1. Ayon sa ekonomiks, ano ang dalawang pangunahing estruktura ng pamilihan?
2. Ano-ano ang sistema ng pamilihan sa di-purong pamilihan?
3. Ano ang pinagkaiba ng monopolyo at monosopyo?

## Pag-isipan Natin

Sa iyong palagay, aling estruktura ng pamilihan ang pinakamainam na umiral sa ating bansa?

## Gawin Natin

Pumili ng tatlong estruktura ng pamilihan. Gamit ang tsart sa ibaba, magbigay ng hamon na kinahaharap ng isang estado sa pagpapatupad ng napiling estruktura ng pamilihan. Maaaring gumawa ng dagdag-pananaliksik upang mapunan ang tsart.

| Estruktura | Mga Hamon sa Estado |
|---|---|
| | |
| | |
| | |



Copyright © 2018 Quipper Limited

Gamitin ang sumusunod na rubrik bilang gabay:

| Pamantayan | [25%] Mas Mababa kaysa Inaasahan | [50%] Kailangan pa ng Pagsasanay | [75%] Magaling | [100%] Napakahusay | Marka |
|---|---|---|---|---|---|
| **Kalidad ng Nilalaman** | Hindi kinumpleto ang tsart at hindi sinagot ang mga tanong. | May iilang detalye lamang ang tsart; kaunting paglalarawan lamang ang ipinahayag | Maraming detalye ang tsart; may isa o dalawang detalye na hindi lubusang naipaliwanag | Puno ng tamang detalye at maayos na ipinahayag, inilarawan, at ipinaliwanag ang nilalaman ng tsart | |
| **Tiyaga/ Pagsisikap** | Tinapos ang tsart para lamang may maipasa sa guro | Tinapos ang tsart ngunit hindi sinikap na mapaganda pa itong lalo | Tinapos ang tsart na may kasiyasiyang resulta, may pagsisikap na pagandahin pang lalo | Tinapos ang isang napakagandang tsart na may masidhing pagsisikap na maging natatangi ito | |
| **Kasanayan/ Husay** | Hindi naipapakita ang pagnanais na mapaghusay ang pagbuo ng tsart | Nagpapakita ng pagnanais na mapaghusay ang kaniyang paggawa ng tsart | May angking husay sa paggawa; kailangan pa ng kaunting pagsasanay | Nagpapakita ng husay at galing sa paggawa; may sapat na kaalaman o pagsasanay | |
| **Panahon ng Paggawa** | Nakapagpasa ng tsart sa loob ng dalawang linggo matapos ang itinakdang petsa ng pagpapasa | Nakapagpasa ng tsart sa loob ng isang linggo matapos ang itinakdang petsa ng pagpapasa | Nakapagpasa ng tsart sa itinakdang petsa ng pagpapasa | Nakapagpasa ng tsart bago pa ang itinakdang petsa ng pagpapasa | |
| | | | | **KABUUAN** | |


Copyright © 2018 Quipper Limited

Aralin 3

# Regulasyon ng Pamahalaan sa Pagtugon sa mga Pangangailangan

## Layunin Natin

Pagkatapos ng araling ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang napapangatuwiranan ang kinakailangang pakikialam at regulasyon ng pamahalaan sa mga gawaing pangkabuhayan sa iba't ibang estraktura ng pamilihan upang matugunan ang pangangailangan ng mga mamamayan.

***Sagisag ng DTI (kaliwa) at BSP (kanan)***

Ang pamilihan ay pinamamahalaan ng pambansang pamahaalan sa pamamagitan ng mga ahensiya nito tulad ng *Department of Trade and Industry* (DTI) at Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP). Sa pamamalakad ng pamilihan, may iba't ibang estratehiyang ginagawa ang mga ahensiya upang maiwasan ang mga suliranin at negatibong epektong pang-ekonomiya ng pamilihan sa bansa. Sa araling ito ay ating tutukuyin ang mga hakbang na ginagawa ng mga ahensiya ng pamahalaan upang tugunan ang pangangailangan ng pamilihan.


Copyright © 2018 Quipper Limited

## Subukan Natin

**Sa iyong palagay, ano-ano ang regulasyon at hakbang na ginagawa ng pamahalaan upang tugunan ang mga pangangailangan sa pamilihan? Ilista ang iyong mga sagot sa patlang sa ibaba.**

1. ____________________
2. ____________________
3. ____________________
4. ____________________
5. ____________________
6. ____________________
7. ____________________
8. ____________________
9. ____________________
10. ____________________



Copyright © 2018 Quipper Limited

## Pag-aralan Natin

Ang pamahalaan ay isang mahalagang institusyon sa ating bansa, hindi lamang sa usaping pulitikal, kundi maging sa usaping pangkabuhayan. Ayon sa Artikulo II Seksyon 4 ng 1987 **Konstitusyon** ng Pilipinas, ang pamahalaan ay may pangunahing tungkulin na pangalagaan at paglingkuran ang sambayanan.

Ayon sa *Principle 7* ni Nicholas Gregor Mankiw sa kaniyang 10 *Basic Economic Principles*, ang pamahalaan ay may kakayahang pagandahin ang epekto ng pamilihan sa bansa. Ibig sabihin lamang nito ay may tungkulin ang pamahalaan sa usaping pangkabuhayan. Sa kabila ng pagiging organisadong sistemang pang-ekonomiya, ang pamilihan ay maaaring humarap sa pagkabigo o *market failure* dahil sa mga ***externalities***. Sa pagkakataong ito, kinakailangan ng pakikialam ng pamahalaan. Narito ang ilan sa mga pagtugon o regulasyon ng pamahalaan.

### Pagtatakda ng Presyo ng mga Produkto o Serbisyo

Ang ***suggested retail price*** **(SRP)** ang itinatakdang presyo ng pamahalaan para sa mga  pangunahing produkto na kinokonsumo ng mga mamamayan gaya ng bigas, asukal, itlog, at tinapay.  Iniiwasan nito ang pananamantala ng mga negosyante sa presyo ng produkto o serbisyo at upang mapanatiling abot-kaya ng mga mamimili ang bilihin.

## Alamin Natin

Tandaan at gawing gabay ang kahulugan ng sumusunod na salita:

- konstitusyon –pinakamataas na uri ng batas ng isang bansa
- *externalities* – epekto ng isang gawaing pang-komersiyo na hindi naisasama sa kabuuang presyo o halaga ng mga produkto sa pamilihan



***Kinakailangang may SRP ang mga pangunahing pangangailangan.***



Copyright © 2018 Quipper Limited

## Pagpapatupad ng *Price Stabilization Program*

Ang ***price stabilization program*** ay ipinatutupad ng pamahalaan upang mapatatag ang pamilihan at maiwasan ang mataas na *inflation* o mabilisang pagtaas ng presyo ng bilihin. Ang Bangko Sentral ng Pilipinas ang pangunahing nagpapatupad ng hakbang na ito. Halimbawa ng mga hakbang na ginagawa para ma-*stabilize* ang presyo ng mga produkto ay ang pagbabawas ng salapi na nasa sikulasyon o kaya naman ay ang pagtataas ng *interest rate*. Tandaan na hindi ibinababa ng *price stabilization program* ang presyo ng mga bilihin; bagkus, sinisikap nito na gawing mas *sustainable* ang halaga ng mga produkto at serbisyo sa pamilihan.


## Pagkontrol ng Presyo ng mga Produkto at Serbisyo

May iba't ibang gawain ang pamahalaan tungo sa pagpepresyo ng mga produkto, kabilang na ang *price ceiling*, *price floor*, at *price freeze*.

- Ang ***price ceiling*** o ***maximum price policy*** ay ang pinakamataas na presyo na maaaring ipataw ng prodyuser sa produkto.
- Ang ***price floor*** o ***minimum price policy*** naman ay ang pinakamababang presyo na maaaring ipataw ng mga prodyuser sa produkto.
- Ang ***price freeze*** ay ang pagbabawal sa pagtataas ng presyo ng mga bilihin lalo na sa panahon ng kalamidad.

Ang lahat ng ito ay itinatakda ng pamahalaan sa pagkakataon na wala sa ekwilibriyo ang pamilihan. Pinangangasiwaan ito ng *Department of Trade and Industry* (DTI) at naaayon sa *Anti-Profiteering Law* o pagpapabawal sa labis na presyo.


Copyright © 2018 Quipper Limited




***Kurba ng ekwilibriyo***

Makikita sa kurba ng ekwilibriyo ang paggamit ng pamahalaan ng mga *price policy* sa panahon ng kakulangan (*shortage*) at kalabisan (*surplus*) upang matugunan ang pangangailangan ng mga mamamayan.

## Pagbibigay ng *Price Support*

Ang ***price support*** ay ang pamamaraan ng pamahalaan na tulungan ang mga negosyante na maiwasan ang pagkalugi o pagliit ng kita. Gamit ang *subsidy*, *tax exemption* o *tax deduction*, at *discount* ay napapanatili nitong mababa ang halaga ng produksyon at naiiwasang tumaas ang presyo ng mga bilihin.



Copyright © 2018 Quipper Limited

## Suriin Natin

**Pag-aralan ang sumusunod na sitwasyon. Batay sa iyong napag-aralan sa araling ito, magbigay ng solusyon sa mga suliraning ipinahahayag.**

1. Hindi lahat ng mamamayan sa bansa ay maaaring makabili o makapagbayad para sa kalidad na edukasyon sa mga pribadong kolehiyo at unibersidad. Ano ang solusyong maaaring gawain ng pamahalaan upang tugunan ang suliraning ito?

2. Napag-alaman ng PAGASA na may napipintong malakas na bagyo na tatama sa bansa sa loob ng dalawang linggo. Ano ang maaaring gawain ng DTI upang tumugon sa suliraning ito?



Copyright © 2018 Quipper Limited

3. Habang namimili, napansin ni Leo na ang halaga ng isang *sachet* ng *powdered orange juice* ay may lubos na magkakaibang halaga. Ang isa ay may halagang PhP25, ang isa ay nagkakahalaga ng PhP40, samantalang ang isa ay PhP11 lamang. Ipinagbigay alam ni Leo sa DTI ang isyung ito. Ano ang maaaring gawain ng ahensiya upang matugunan ang suliranin sa pagpepresyo ng produkto?

## Sagutin Natin

**Sagutin ang sumusunod na tanong:**

1. Ano ang mga pagtugon o regulasyon na isinasagawa ng pamahalaan upang masigurado ang pangangailangan ng mga mamamayan?
2. Ano ang pinagkaiba ng *price ceiling* at *price floor*?
3. Sa paanong paraan natutulungan ng pamahalaan ang mga negosyante?

## Pag-isipan Natin

Gaano kahalaga ang pakikialam o pakikilahok ng pamahalaan sa galaw ng pamilihan at ng pambansang ekonomiya?



Copyright © 2018 Quipper Limited

## Gawin Natin

Gumawa ng isang *concept map* na nagpapakita ng paraan ng pagtugon ng pamahalaan sa mga pangangailangan ng pamilihan. Gawing detalyado ang *concept map* at siguruhin na maipakikita nito ang pagtugon ng pamahalaan mula sa makroekonomikong lebel (pamahalaan, ahensiya) hanggang sa maykroekonomikong antas (indibiduwal, mamimili, pamilya). Maaaring magkaroon ng dagdag-pananaliksik upang mapaganda ang gawa.

Gamitin ang sumusunod na rubrik bilang gabay:

| Pamantayan | [25%] Mas Mababa kaysa Inaasahan | [50%] Kailangan pa ng Pagsasanay | [75%] Magaling | [100%] Napakahusay | Marka |
|---|---|---|---|---|---|
| **Kalidad ng Nilalaman** | Hindi ibinatay ang *concept map* sa aralin; hindi sinunod ang panuto | May iilang detalye lamang ang *concept map*; kaunting paglalarawan lamang ang ipinahayag | Maraming detalye ang *concept map*; may isa o dalawang detalye na hindi lubusang naipaliwanag | Puno ng tamang detalye at maayos na ipinahayag, inilarawan, at ipinaliwanag ang nilalaman ng *concept map* | |
| **Tiyaga/ Pagsisikap** | Tinapos ang *concept map* para lamang may maipasa sa guro | Tinapos ang *concept map* ngunit hindi sinikap na mapaganda pa itong lalo | Tinapos ang *concept map* na may kasiyasiyang resulta, may pagsisikap na pagandahin pang lalo | Tinapos ang isang napakagandang *concept map* na may masidhing pagsisikap na maging natatangi ito | |
| **Kasanayan/ Husay** | Hindi naipapakita ang pagnanais na mapaghusay ang pagbuo ng *concept map* | Nagpapakita ng pagnanais na mapaghusay ang kaniyang paggawa ng *concept map* | May angking husay sa paggawa; kailangan pa ng kaunting pagsasanay | Nagpapakita ng husay at galing sa paggawa; may sapat na kaalaman o pagsasanay | |



Copyright © 2018 Quipper Limited

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Panahon ng Paggawa** | Nakapagpasa ng *concept map* sa loob ng dalawang linggo matapos ang itinakdang petsa ng pagpapasa | Nakapagpasa ng *concept map* sa loob ng isang linggo matapos ang itinakdang petsa ng pagpapasa | Nakapagpasa ng *concept map* sa itinakdang petsa ng pagpapasa | Nakapagpasa ng *concept map* bago pa ang itinakdang petsa ng pagpapasa | |
| | | | | **KABUUAN** | |

## Karagdagang Kaalaman

Ang gawain ng pamilihan ay hindi lamang nagaganap sa loob ng bansa o estado. Ang mga gawain ng pamilihan ay maaaring sumaklaw sa maraming bansa sa mundo. Ang kasaysayan ng *global market* o pandaigdigang pamilihan ay nagsimula sa pag-usbong ng merkantilismo o Panahon ng Paggalugad sa Europa pati na sa pag-usbong ng pandaigdigang kalakalan noong ika-15 siglo.



***Ang global market ay sumasaklaw sa lahat ng bansa sa daigdig.***

Isang halimbawa ng paggalaw ng pandaigdigang pamilihan ay ang pangangalakal ng langis mula sa Kanlurang Asya. Dahil ang rehiyong ito ang pangunahing prodyuser ng langis sa buong mundo, napakaraming bansa sa daigdig ang bumibili mula rito. Kaya naman, ang ekonomiya sa Kanlurang Asya ay tuwirang nakadepende sa industriya ng langis. Sa Pilipinas naman, ang mga agrikultural na produkto tulad ng mangga, niyog, pinya, at abaka ay ibinebenta sa pandaigdigang pamilihan.



Copyright © 2018 Quipper Limited

## Pagyamanin Natin

Hatiin sa tatlong pangkat ang klase. Kailangang gumawa ang bawat pangkat ng isang *simulation* o *role play* ng nagaganap sa loob ng pamilihan (maaaring pandaigdigang pamilihan, *labor market*, o kung ano mang uri ng pamilihan na kanilang piliin). Nararapat maipakita ng mag-aaral ang mahahalagang pang-ekonomikong gawain sa loob ng pamilihan.

Pagkatapos ng gawain, sagutin ang sumusunod na tanong bilang isang klase:

1. Ano-ano ang pangunahing katangian ng mga pamilihang ipinakita?
2. Paano nakaaapekto sa maykroekonomikong lebel ang paggalaw ng mga pamilihang ipinakita?

Gamitin ang sumusunod na rubrik bilang gabay:

| Pamantayan | [25%] Mas Mababa kaysa Inaasahan | [50%] Kailangan pa ng Pagsasanay | [75%] Magaling | [100%] Napakahusay | Marka |
|---|---|---|---|---|---|
| **Pag-unawa sa Paksa/ Gawain** | Karamihan sa mga impormasyong inilahad ay hindi tama<br><br>Ang pagtatanghal ay hindi tumutugma sa paksa o gawain | Karamihan sa mga impormasyong inilahad ay tama<br><br>Nagpapakita ng pag unawa sa paksa o gawain | Halos lahat ng impormasyong inilahad ay tama<br><br>Nagpapakita ng tamang pag-unawa sa paksa o gawain | Tama ang mga impormasyong inilahad<br><br>Nagpapakita ng ganap na pag-unawa sa paksa o gawain | |



Copyright © 2018 Quipper Limited

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Kooperasyon ng mga kasapi ng Pangkat** | Hindi nagtutulungan ang mga kasapi para sa kanilang gagawing pagtatanghal;<br><br>Isang tao lamang ang gumagawa para sa pagtatanghal | Ang mga kasapi ay may kani-kaniyang ideya at hindi magkasundo sa dapat nilang gawin;<br><br>Ilang kasapi lamang ang nagaambag para sa pagtatanghal | Ang mga kasapi ay tumatanggap ng ideya nang hindi nagbibigay ng negatibong komento at sinusubukang magkasundo sa dapat gawin;<br><br>Karamihan sa mga kasapi ay nagbibigay ng ambag sa pagbuo ng presentasyon | Ang mga kasapi ay tumatanggap ng ideya ng isa't isa at nagkakasundo sa dapat gawin;<br><br>Lahat ng kasapi ay may ambag sa pagbuo ng presentasyon | |
| **Presentasyon/ Pagtatanghal** | Nagpuputol-putol ang pagtatanghal;<br><br>Hindi halos nakikinig o nanonood ang mga manonood;<br><br>Maraming pagkakataon na bumubulong at hindi naririnig;<br><br>Hindi gumagamit ng angkop na galaw o kilos o hindi masyadong gumagalaw | Nagpapakita ng pagkahiya o hindi tiyak ang gagawin;<br><br>Sinusubukang makuha ang interes ng mga manonood;<br><br>Hindi masyadong marinig sa ilang pagkakataon;<br><br>Gumagamit ng angkop na galaw at kilos sa ilang pagkakataon | Nagpapakita ng kumpiyansa;<br><br>Nakukuha ang interes ng mga manonood;<br><br>Nagsasalita sa paraang naririnig ng mga manonood;<br><br>Gumagamit ng angkop na galaw at kilos sa maraming pagkakataon | Nagpapakita ng kumpiyansa;<br><br>Nakakaaliw at nakukuha ang interes ng mga manonood;<br><br>Nagsasalita nang malakas at malinaw;<br><br>Gumagamit ng angkop na galaw at kilos | |
| | | | | **KABUUAN** | |



Copyright © 2018 Quipper Limited

# Paglalagom

- **Ang Pamilihan**
  - ***Kahulugan***
    - Pagpapalitan ng produkto
    - Maaaring *fixed place*
  - **Mga Estruktura**
    - Perpektong Pamilihan
    - Di-Perpektong Pamilihan
  - **Mga Regulasyon**
    - *Suggested Retail Price*
    - *Price Stabilization*
    - *Price Control*
    - *Price Support*



Copyright © 2018 Quipper Limited

## DAPAT TANDAAN

- Ang **pamilihan** o ***market*** ay tumutukoy sa lugar kung saan nagkakaroon ng palitan ang mga mamimili at negosyante ng mga produkto o serbisyo ayon sa napagkasunduang presyo sa loob ng takdang panahon.
- Ang pamilihan ay may klasipikasyon at uri batay sa lugar, kasunduan, at uri ng produkto.
- Ang pamilihan ay may iba't ibang estruktura o sistema. Ito ay nahahati sa dalawang grupo: perpekto o purong pamilihan at di-perpekto o di-purong pamilihan.
- Ang di-perpektong pamilihan ay binubuo ng kompetisyon, monopolyo, monosopyo, monopolistikong kompetisyon, at oligopolyo.
- Ang pamahalaan ay may ipinatutupad na mga regulasyon upang makatulong sa mga mamamayan at negosyante. Ilan dito ay ang pagpapatupad ng *price control* at *price policies*.

## Dagdag Sanggunian

Ang sumusunod na *link* ay maaaring tingnan para sa karagdagang impormasyon o mas malalim na pagtalakay:

- *Perfect Competition in the Short Run* ng *ACDC Leadership* (https://www.youtube.com/watch?v=Z9e_7j9WzA0)
- *Latest Suggested Retail Prices (SRPs) of Basic Necessities and Prime Commodities* ng DTI (https://www.dti.gov.ph/media/advisories/11707-latest-srps-basic-necessities-prime-commodities)
- *Oil Prices: What's Going On?* ng *Job Bos* (https://www.youtube.com/watch?v=hyqprG1pDzE)


Copyright © 2018 Quipper Limited

# Gabay sa Pagwawasto

## Aralin 1: Kahulugan ng Pamilihan

### Subukan Natin

Maaaring iba-iba ang sagot ng mga mag-aaral. Markahan ang sagot batay sa kalidad nito at sa kaugnayan sa aralin.

### Suriin Natin

Maaaring iba-iba ang sagot ng mga mag-aaral. Gayunpaman, siguruhin na ang mga sagot ay hindi nalalayo sa mga konseptong nakasulat sa ibaba.

1. Pamilihan : Lugar kung saan may pagpapalitan ng produkto
2. *Domestic Market* : Lokal na pamilihan
3. Presyo : Halaga ng produkto o serbisyo
4. *Labor Market* : Uri ng pamilihan kung saan kabilang ang lakas paggawa
5. *Blue Collar Job* : *Manual labor* ang gamit upang kumita
6. *Foreign Exchange* : Sistema ng pagpapalitan ng halaga ng salapi
7. *White Collar Job* : *Non-manual labor*/ pisikal na lakas ang gamit upang kumita
8. *World Market* : Pamilihan sa labas ng bansa
9. *Fixed Place* : Nakatayong establisiyimento bilang pamilihan
10. *Commodity* : Pang-araw-araw na pangangailangan


Copyright © 2018 Quipper Limited

## Aralin 2: Iba't Ibang Estruktura ng Pamilihan

### Subukan Natin

Maaaring iba-iba ang sagot ng mga mag-aaral. Markahan ang sagot batay sa kalidad nito at sa kaugnayan sa aralin.

### Suriin Natin

a. May malaking bilang ng nagtitinda at mamimili, alam ng mamimili ang mga presyong itinakda, iisang presyo lamang ang umiiral
b. Alinman sa sumusunod: monopolyo, monosopyo, monopolistikong kompetisyon, oligopolyo, kompetisyon
c. Maaaring iba-iba ang sagot ng mag-aaral. Markahan ang sagot batay sa kalidad ng halimbawang ibinigay.

## Aralin 3: Regulasyon ng Pamahalaan sa Pagtugon sa mga Pangangailangan

### Subukan Natin

Maaaring iba-iba ang sagot ng mga mag-aaral. Suriin ang mga sagot batay sa nilalaman ng aralin.

### Suriin Natin

1. Maaaring magbigay ng *tuition fee subsidy* ang pamahalaan para sa mga mag-aaral.
2. Maaaring magtakda ang DTI ng *price freeze*.
3. Maaaring magtakda ang DTI ng *suggested retail price*.

## Sanggunian

Acomular, Melquiaes. *Ekonomiks: Pagsulong at Pag-unlad*. IEMI. Manila, 2015.
Mateo, Grace Estela. et al. *Ekonomiks: Mga Konsepto at Aplikasyon*. VPHI, 2012.
James Gard. "Global Market Report - May 17, 2018." *Morning Star*. Nakuha mula sa http://www.morningstar.co.uk/uk/news/167499/global-market-report---may-17-2018.aspx.


Copyright © 2018 Quipper Limited